

Chapter One



umasok si Anya sa dining room. Tumayo siya sa harapan ng kanyang ama. Pinagmasdan siya nito mula ulo hanggang paa. Bagong ligo siya at bihis na bihis na parang may lakad.

“I’m glad you’re awake. Come and join me for breakfast,” seryosong sabi ni Felipe. Mag-isa na lang ito sa komedor dahil umalis na ang asawa nitong si Susana upang ihatid ang kanilang mga anak na sina Shaina at Kervie sa university na pinapasukan ng mga ito.

“No thanks, Pa. I’m going out. Sa labas na ako kakain,” walang anumang sabi niya.

“Kararating mo lang ng Pilipinas, Anya. Siguro naman ay kailangan mo munang magpahinga at

dumito sa bahay. Ang s'abi ni Manang Josie sa akin ay alas tres ng madaling-araw na raw nang dumating ka kanina.”

“That’s right,” walang gatol niyang sagot. “Namiss ko masyado ang Pilipinas kaya pumasyal kaagad ako. Isa pa, mga dating kaklase ko naman sa college ang mga kasama ko.”

“I see. Nag-usap nga pala kami ng mama mo kagabi dahil tumawag siya. Sinabi niyang bigyan daw kita ng trabaho rito. Bakit ka nga pala umalis doon sa mama mo?” seryosong tanong nito. “I can sense that you were not in good terms with her when you left.”

“Bakit, Pa? Ayaw n’yo ba akong naririto? I can always leave,” taas-noong sabi ni Anya.

“That’s not what I meant. I was only asking because I’m worried. What is wrong with you?” kunot-noong usisa nito.

“Do you need to ask now? Kailan ka pa naging concerned sa akin? Hindi nga ba simula nang mamatay ang Lola at Lolo ay parang pingpong ball na pinagpapasa-pasahan n’yo ako ng Mama?”

Pormal na tumikhim si Felipe pagkarinig sa sinabi ng anak. “Kailangan bang ganyan ka sumagot sa akin?”

“I was only stating facts. Anyway, kaya lang naman ako umuwi ng Pilipinas ay dahil gusto kong dito manirahan nang tuluyan. I also want to visit my grandparents. Kung ano man ang hindi namin pinagkakaunawaan ng Mama ay sa amin na lang iyon. Hindi n’yo na kailangang sumali doon. Besides, may kanya-kanyang pamilya na kayong dalawa. Doon na lang kayo mag-focus. I can handle myself,” walang-gatol na sagot ng dalaga.

Nakakaunawang tumango-tango ang ama. “I see. So, bakit hindi tayo lumabas para mag-bonding?”

Naitirik ni Anya ang kanyang mga mata. “No need, Pa. I’m used to being alone. Mag-focus na lang kayo sa pamilya ninyo. I need to go now,” walang emosyon niyang sabi at saka nagmadaling umalis doon.

Naiwan si Felipe na lumong-lumo.



Paglabas ng gate ay pinara ni Anya ang dumaang taxi at sumakay roon. Habang nasa loob siya ng sasakyan ay malalim siyang nag-isip. Pakiramdam niya ay manhid na ang kanyang puso habang kausap ang papa niya kanina. Ewan pero madali lang para sa kanya na sagut-

sagutin ito dahil sa totoo lang ay hindi naman ito nagpaka-ama sa kanya. He was never there for her simula nang mamatay ang lolo at lola niya. The same with her mother.

Isang senator ang ama niyang Felipe samantalang isang dating beauty queen si Elizabeth, ang kanyang ina. Nakatira na ang huli sa Amerika kasama ang bago nitong pamilya. Isa itong ranch owner at may dalawang anak sa asawa nitong Amerikano na isang architect. Ang papa niya ay may ibang asawa rin, si Susana na isang negosyante. May dalawang anak din ang mga ito.

Kung tutuusin ay masuwerte sana siya dahil dala-dalawa ang pamilya niya, pero hindi ganoon ang nangyari. Her mother was only eighteen when she got pregnant with her. Bata pa ang mga magulang niya nang magpakasal, pero naghiwalay rin pagkatapos ng dalawang taon. Nagpunta ng Amerika ang mama niya at siya naman ay naiwan sa pangangalaga ng mga magulang ng kanyang papa. She had a wonderful childhood kahit hindi magkasama ang kanyang mga magulang dahil pinunan iyon ng pagmamahal ng kanyang lolo at lola.

Sinusulatan lang siya ni Elizabeth at binibisita

paminsan-minsan. She was ten when her mother remarried at isa siya sa naging flower girl nito. Kasama niya ang kanyang lola nang magpunta sa kasal ni Elizabeth sa Amerika. Sa batang isip ay madali niyang natanggap ang sitwasyon nilang iyon kahit nagdesisyon ang kanyang ina na hindi na siya kukunin nito, which was okay with her dahil mas close siya sa kanyang lolo at lola.

She had an absentee father, paminsan-minsan lang niya ito nakaka-bonding dahil busy ito sa negosyo at nagsisimula na ring tumakbo bilang mayor sa lalawigan nila noon. Habang lumalaki siya ay hindi niya naisipan na may kulang sa kanya dahil may masasandalan siya at may nagmamahal sa kanya.

Pero namatay sina Lolo Cristobal at Lola Sabel sa isang car accident. She was sixteen years old when it happened. Iyon ang pinakamadilim na araw ng buhay niya. Matagal bago siya naka-recover, but life had to go on. Iba nga lang ang kanyang sitwasyon dahil wala ang mama niya sa kanyang tabi, at naroon ang papa niya pero parang walang pakialam sa kanya.

She tried to please her father at ipakita rito ang lahat ng achievements niya, pero parati itong wala. Ang kasa-kasama lang niya roon ay ang

Yaya Rosita niya at ang anak nito na si Aireen na bata lang sa kanya ng dalawang taon. Habang nagdadalaga siya ay naiinggit siya sa mga kaklase na may mga nanay at tatay na kasama.

Sinubukan niyang makipag-communicate sa mama niya, pero paminsan-minsan lang itong makipag-usap sa kanya dahil busy ito sa bagong pamilya. Hanggang sa mag-asawa ulit ang kanyang papa. Hindi siya sanay na may kasamang ibang tao sa bahay nila, kaya nagsimula siyang magrebelde. Na lalong ikinagalit ni Felipe kaya madalas silang mag-away nito.

Anya was eighteen nang kunin siya ng kanyang mama. Ang akala niya ay magiging okay ang lahat doon sa Amerika kapag nakasama na niya ito, pero hindi pala dahil hindi niya makasundo ang bago niyang mga kapatid. Mabait naman ang asawa nito, pero parati itong pormal sa tuwing nakakaharap siya at masyado siyang naiilang dito. Minabuti niyang humiwalay sa mga ito.

Tumira siya sa isang apartment. Nagsimula siyang mabuhay nang mag-isa sa Amerika. Madalang silang magkita ng mama niya kahit nasa iisang bansa lang sila dahil hindi sila naging close at ayaw na niyang ilapit ang sarili

rito. Natatakot siya na baka masaktan pa siya ulit pagkat hindi siya ipinaglaban ni Elizabeth sa pamilya nito.

Anya came from a broken family at marami siyang insecurities sa buhay dahil natatakot siyang maiwan nang mag-isa. Kahit independent siyang tao ay hindi pa rin siya ganoon katibay dahil pakiramdam niya, ang lahat ng taong mahal niya ay iniwan siya. Ang lolo at lola niya ay iniwan siya nang pumanaw ang mga ito, ang mama niya na hindi siya ipinaglaban sa pamilya nito at ang papa niya na ang tingin sa kanya ay isang malaking pasanin sa buhay. Pag may nagpaparamdam ng pagmamahal sa kanya ay lumalayo kaagad siya dahil natatakot siya. Mas gusto niyang magsaya kasama ang kanyang mga kaibigan.

Pitong taon din siyang namalagi sa Amerika, nagtapos siya ng Fine Arts doon. Umuwi siya ng Pilipinas dahil mas gusto niyang tumira sa lugar kung saan siya lumaki at miss na miss na rin niyang dalawin ang puntod ng kanyang lolo at lola.

Sinabi niya sa taxi driver ang kanyang destinasyon. Pupuntahan niya ang puntod ng dalawang matanda.

Chapter Two



Naupo si Anya sa harapan ng puntod ng kanyang lolo at lola at pinagmasdan ang lapida ng mga ito. Tumulo ang kanyang luha sa alaala.

“Kumusta na po kayo? Siguro ang saya-saya n’yo na pong dalawa kasama si Lord. Alam n’yo po, miss na miss ko na po kayo. Ang daya n’yo kasi iniwan n’yo akong mag-isa, eh. Bakit hindi n’yo na lang po ako isinama? Sana masaya na tayong tatlo diyan. Alam n’yo naman na kayong dalawa lang ang totoong nagmamahal sa akin, eh.

“Bakit po ganoon? Bakit hindi ko maramdaman na mahal ako ng Mama at Papa? Bakit pakiramdam ko may kulang sa akin? Hindi

po ba ako karapat-dapat na mahalín? Hindi ko naman hiningi sa kanila na maging anak nila ako. Ano pa ba ang purpose ko sa mundong ito? Pakiramdam ko mag-isa lang po ako, eh. Am I not worth it?” umiiyak niyang tanong sa kawalan.

“Pagod na po akong magpalipat-lipat sa kanilang dalawa, pagod na pagod na po ako na umamot ng pagmamahal mula sa kanila. Pakiramdam ko ay may hinahanap ako na kailanman ay hindi ko makikita. Sana naririto kayo para i-comfort ako, alam na alam n’yo po kung paano ako pasiglahin at pasayahin.”

Umiyak nang umiyak si Anya habang yakap-yakap ang kanyang mga tuhod. She felt so lost. Hindi niya alam kung saan siya pupunta dahil pakiramdam niya ay walang gustong tumanggap sa kanya nang buo.

She felt so alone right now. Huminga siya nang malalim at pinahid ang kanyang mga luha. Kailangan niyang maging matapang sa pagharap sa mga pagsubok ng buhay nang mag-isa dahil wala siyang masasandalan kundi ang sarili lang niya. Noon ay hindi siya sanay mag-isa dahil naroroon parati ang lolo at lola niya, pero ngayon, matagal na niyang sinanay ang sarili na huwag umasa sa mga taong nakapaligid sa kanya.

Bahagya pa siyang nagulat nang marinig ang pag-ring ng kanyang cellphone. Kaagad niyang sinagot iyon nang makita na si Aireen ang tumatawag, ang anak ni Yaya Rosita, Ito lang ang nag-iisang totoong kaibigan niya simula noong kabataan niya hanggang ngayon at ni minsan ay hindi natigil ang kanilang communication kahit nasa ibang bansa siya. Isa na ngayong public school teacher sa kanilang probinsya si Aireen at ikakasal na sa nobyo nito nang tatlong taon.

“Hi, Aireen,” sagot niya sa kabilang linya.

“Kamusta na, Ate Anya?” excited na sabi nito sa kabilang linya. “Naku, pasensya na kung hindi ako nakasama sa pagsundo sa iyo sa airport, ha? Masyado kasi akong busy.”

“Okay lang ako. Huwag ka nang mag-alala kahit hindi ka nakasama sa pagsundo sa akin. Ayos lang iyon at naiintindihan ko naman,” sisinghot-singhot niyang sagot habang nagpapahid ng luha.

“Okay ka lang ba, Ate? Umiiyak ka ba?” Mahihimigan ang pag-aalala sa tinig nito.

“Hindi... hindi... may sipon lang ako. Siyanga pala, ba’t napatawag ka? Kamusta na nga pala si Yaya Rosita?” sunod-sunod niyang tanong na pilit pinapasigla ang boses.

“Okay lang si Nanay, Ate, nangangamusta sa iyo,” sabi ni Aireen.

Napangiti si Anya. “Okay lang ako. Sa katunayan nga ay nababato na ako dito sa Maynila, naisipan kong magbakasyon sandali sa probinsya.”

“Ganoon ba, Ate? Bakit hindi ka na lang magbakasyon sa probinsya namin?”

Hindi kaagad nakasagot si Anya sa suhestyon ni Aireen. Mataman siyang nag-isip. Bakit nga ba hindi? Kailangan niyang lumayo muna at mag-isip. Gusto niyang pag-isipan kung ano ang dapat niyang gawin sa savings niya na pinagtrabahuan niya sa Amerika nang ilang taon at gusto rin niyang pag-isipan kung ano ang gagawin niya sa buhay.

“Hello, Ate? Nandiyan ka pa ba?” untag ni Aireen sa kabilang linya.

“Yes, Aireen. I’m still here.”

“So ano na? Dito ka na muna sa amin? Miss ka na rin ni Nanay Rosita.”

Tumango-tango siya. “Sige ba.”

“Talaga? Naku, matutuwa talaga si Nanay kapag nalaman niyang pupunta ka dito sa amin.”

“Di ba Nueva Ecija ang sa inyo?”

“Opo, Ate.”

“Sige, i-text mo na lang sa akin ang address ninyo diyan.”

“Okay, Ate. I’ll see you. Kailan nga pala ang alis mo papunta dito?” tanong ni Aireen.

“Mamaya pagkatapos kong dalawin ang puntod nina Lolo at Lola, dederetso na ako diyan. Siguro mamayang gabi na ang dating ko diyan.”

“Sige po, Ate, at nang masabihan ko rin si Nanay.”

“Okay.”

“Bye, Ate, mag-iingat ka sa biyahe.”

“Salamat.” She ended the call. Pagkatapos kausapin si Aireen ay marahan siyang napabuntong-hininga. Siguro nga ay iyon ang kailangan niya. Isa pa, nami-miss na rin niya sina Nanay Rosita at Aireen. Halos ang una na kasi ang nag-alaga sa kanya simula nang mamatay ang kanyang lolo at lola at parang nakababatang kapatid na rin ang turing niya kay Aireen. Napatingin si Anya sa puntod ng dalawang matanda.

“Siguro kailangan ko munang umalis. I need a break. I love you, Lola and Lolo. Magpapalamig lang muna ako, but I promise na pag-uwi ko galing Nueva Ecija ay kayo kaagad ang pupuntahan ko dito. ’Bye for now.” Matipid siyang ngumiti at

tumayo na.

Mayamaya ay muling tumunog ang kanyang cellphone. It was a text message from Aireen, nakasulat doon ang address ng mga ito at ang direksyon kung paano siya makakarating doon pati na rin kung ano ang bus na sasakyan niya. Nagmadali na kaagad siyang umalis sa sementeryo dahil kailangan niyang maabutan ang bus na itinext ni Aireen sa kanya. Wala siyang dalang gamit. Pero may dala naman siyang pera. Maaari naman siyang bumili roon pagdating niya.

Chapter Three



Napatitig si Paolo kay Vida habang sila ay nanananghalian sa isang restaurant sa bayan ng Santa Rosa. Ito ang kasama niyang namasyal buong araw dahil na rin sa kahilingan ng kanyang mama. Ang kanilang mga ina ay matalik na magkaibigan. Matagal na nanirahan sa Spain ang mag-anak kaya nang umuwi ang mga ito sa Pilipinas ay siya ang naatasan ng kanyang mama na libangin ang dalaga at ipasyal. It was easy to tell that his mother was playing Cupid again.

Pero hindi naman siya nagsisisi na samahan ito sa pamamasyal. Vida was a bubbly and jolly person. May sense of humor at matalino ito.

Maganda at mestiza rin ito kaya kahit papaano ay nag-enjoy siya na makasama ito. Nalaman niyang nagtapos pala ito ng Law sa Spain at isa ring part-time model doon.

“So, Paolo, are you still with me?” nakangiting pukaw ni Vida sa kanya.

Napangiti naman siya. “Yes, I am still with you. Anyway, nag-enjoy ka ba sa pamamasyal natin dito?”

“Of course. Matagal rin akong nawala dito sa Nueva Ecija. Marami na ring nagbago,” tugon nito habang kumakain.

“Yeah.” Tumango-tango siya habang pinagmamasdan itong mabuti. Habang kinakausap ito ay naramdaman ni Paolo ang pagiging makaluma nito. Isang beses lang pala itong nagka-boyfriend at tumagal din nang limang taon ang dalawa, pero naghiwalay rin dahil sa kataksilan ng nobyo nito. Ayon pa rito ay dalawang taon na rin daw itong walang boyfriend.

Marami silang pagkakapareho ni Vida. Hindi na masama kung ligawan nga niya ito. Pero masyado pang maaga para mag-isip siya ng ganoon. Kararating lang nito galing Spain at gusto pa rin niya itong makilala nang lubusan.



Eksaktong alas onse y media ay huminto ang jeep na sinakyan ni Anya sa harapan ng isang malaking gate. Ayon sa driver ay iyon na ang destinasyon niya. Matapos magpasalamat at magbayad ay bumaba na siya ng jeep.

Tiningala niya ang arko na may naka-engrave na *Villa Marcilla* saka tumingin sa loob. Ayon kay Aireen ay nakatira ang pamilya nito roon. Ang tatay nito ang katiwala sa bakahan ng mga De Dios, kaya binigyan ang mga ito ng kapirasong lupain ng amo nito upang doon na manirahan. Nasa likod ng mansion ang bahay ni Aireen. Pinagmasdan niya ang mala-palasyong bahay; it was a three-storey structure.

Napabuntong-hininga si Anya nang malalim. Dapat ay kaninang hapon pa siya nakarating dahil kaagad siyang nakasakay ng bus patungo Nueva Ecija, pero ang panira ay ang sinakyan niyang jeep papunta roon dahil nasiraan iyon sa daan. Kulang-kulang dalawang oras ang pinanatili nila sa daan habang naghihintay na matapos ang pag-aayos niyon. Gusto niya sanang lumipat ng masasakyang jeep, pero sa kasamaang-palad ay wala palang masyadong

dumadaan doon na nabanggit na sasakyan. Matiyaga na lang siyang naghintay na maayos iyon kasama ang ilang kapwa pasahero.

Kaya heto siya ngayon, mag-a-alas-doce na ng hatinggabi nang makarating siya sa kanyang destinasyon. Sa kasamaang palad ay hindi na niya ma-text o matawagan man lang si Aireen dahil low-batt na siya. Hindi na siya nakapag-charge ng cellphone at hindi na rin nadala ang kanyang power bank sa kamamadali niyang makaalis kaagad ng bahay nila.

Kaya gabing-gabi na nang makarating siya ng *Villa Marcilla* at walang nag-abang sa kanya para sunduin sa labas ng gate. Tinawag niya ang guard na nakabantay sa gate. Lumingon naman ito sa kinaroroonan niya.

“Ano po ang kailangan ninyo, Boss?” kunot-noong tanong nito. Tinitigan siya nito mula ulo hanggang paa.

Maiksi ang buhok niya hanggang kalahati ng leeg at nakasuot siya ng sombrero kaya napagkamalan siya nitong lalaki sa kabila ng suot niyang pink sweater, jeans, at sneakers Pero wala siyang pakialam doon.

“Dito ba nakatira sina Nana Rosita at Aireen?” tanong niya.

“May Rosita at Aireen ngang nakatira rito, pero nasa likod ng mansion ang bahay nila,” seryosong sabi ng security guard.

Tumango-tango siya. “Uhm... bisita nila ako.”

Nagdududang tinitigan siya nito. Sino ba ang tatanggap ng bisita sa ganoong dis-oras ng gabi? “Sigurado ka ba, Boss? Wala namang nasabi sina Nana Rosita na may bisita silang darating ngayon.”

Pagod si Anya at gutom na rin dahil tinapay lang ang kinain niya buong biyahe at ang gusto na lang niyang mangyari ngayon ay ang magpahinga at humigop ng mainit na sabaw. Gusto nang uminit ng ulo niya sa security guard na kaharap, pero alam niyang ginagawa lang nito ang trabaho.

“Oo, sigurado nga ako. Siguro nakaligtaan lang sabihin sa iyo na darating ako, pero bisita talaga nila ako,” pilit niyang sabi.

“Baka tulog na sila ngayon, Boss, bukas na lang kayo bumalik. Agahan n’yo na lang po dahil maaga naman gumigising si Nana Rosita.”

“Alam mo, ang mas mabuti ninyong gawin ay ang tawagan si Aling Rosita at tanungin. My gosh! Pagod na pagod na po ako at gutom na gutom pa. Please naman, mamang guard. Ang layo pa ho

ng nilakbay ko,” reklamo niya.



Napatingin si Paolo sa gawi ng kanilang gate at napakunot-noo siya nang may makitang isang tao na nakatayo sa labas niyon. Sa wari niya ay kausap nito ang security guard nila. Bigla siyang nabahala; naaninag niyang medyo payat ang katawan nito, pero hindi niya alam kung lalaki o babae ba. Kita niyang nakasuot ito ng pink sweater at sumbrero.

Bumusina siya nang ubod-lakas upang marinig siya ng security guard. Nakuha naman niya ang pansin ng dalawa na sabay pang lumingon sa kanya.

Na-late siya ng uwi dahil inihatid pa niya si Vida sa bahay ng mga ito at doon na rin siya nag-dinner. Doon na sana siya patutulugin ng mag-anak, pero tumanggi siya dahil marami pa siyang gagawin sa rancho nila kinabukasan.

Dahan-dahan niyang pinaandar ang kotse at huminto sa tabi ng taong kausap ng security guard. Binuksan niya ang bintana ng kotse sa tabi niya upang makita nang malapitan ang taong iyon at makausap na rin.

“Yes? May kailangan ka ba?” pormal niyang tanong.

“Isa ka ba sa may-ari ng bahay na iyan? P’wede ba akong pumasok sa loob?” deretsong tanong nito.

Nagulat siya sa tono ng pananalita ng taong iyon, boses-babae. Hindi pala lalaki ang bisita nila.

“Eh, Sir...” sali pa ng guard sa usapan, pero pinigilan niya itong magsalita at sinenyasan na siya na ang bahala. Nagpakamot ito sa ulo.

“Isa ako sa may-ari ng bahay na iyan, ano ang kailangan mo?” deretsa rin niyang tanong.

“Bisita ako at may umaasa na darating ako ngayong gabi. Actually, kaninang hapon pa dapat ako nandito, pero dahil nasiraan ang jeep na sinasakyan ko, natagalan ako sa pagdating,” walang anumang tugon nito sa nagpapaliwanag na tono.

Tumango-tango si Paolo saka may naalala siya. “So ikaw ba ang tinutukoy ni Nana Rosita na bisita niyang darating ngayon?”

The woman nodded.

“Actually, tulog na sina Nana Rosita. You’re Anya, right?”

“Yes, I am. Ganoon ba?” Nanlumo ito sa nalaman.

“Well, you can stay in one of our guest

rooms,” kibit-balikat na sabi ni Paolo.

Napatitig ito sa kanya. “Really? I mean, is it okay?” nananyang tanong nito.

“Of course. Hindi na iba ang pamilya nina Nana Rosita sa amin ng pamilya ko. They’ve been here for decades now, kaya malaki ang tiwala ko sa kanya and she told me about you coming to visit them.”

“Oh, I see.” Tumango-tango ito.

Binalingan ni Paolo ang security guard at sinenyasan itong buksan ang gate. Tumalima naman ito upang makapasok ang sasakyan niya.

“Sumakay ka na,” sabi niya.

Nang tumalima ang babae ay pinaandar na niya ang kotse papasok sa compound.

Chapter Four



"Anong hindi mo alam?" galit na tanong ni Felipe sa mayordoma nila. Tinanong niya kasi rito kung nasaan si Anya dahil nang puntahan niya ito sa silid kanina ay wala roon ang anak, pero ang isinagot ni Aling Josie ay wala itong alam.

"Hindi ko po kasi napansin na umuwi siya kagabi, Sir," kinakabahang tugon nito.

Napabuntong-hininga siya. "Okay, sige na, you can go back to your work."

"Salamat po, Sir." Yumuko ito at nagmadali nang umalis doon.

"What's wrong, love?" nag-aalalang tanong ni Susana sa asawa.

“Nag-aalala lang ako kay Anya. Sa tingin ko ay hindi siya umuwi kagabi.”

Umiling-iling ito at hinarap ang kabiyak. “Pabayaang mo muna si Anya, love. Siguro ay nag-iisip lang ang batang iyon. She needs time to be alone. Alam ko na uuwi rin siya kapag nakapag-isip-isip na nang mabuti.”

“Sana nga, Susana,” nanlulumong sabi niya.

“Felipe, alam mo ba kung bakit hindi kayo magkasundo ni Anya? It’s because you were never a father to her. Nariyan ka nga pero parati mo na lang napupuna ang mga maling ginagawa niya. You should understand, she was feeling alone simula n’ong mamatay ang mga magulang mo. I saw how she tried her best to please you when she was a child, but you were distant to her. Gusto ko namang ilapit ang sarili ko sa kanya, but she won’t let me,” malungkot na sabi nito.

Napatitig si Felipe kay Susana. Alam niya kung ano ang pagkukulang niya kay Anya, pero nasasaktan pa rin siya kapag naririnig iyon mula sa bibig ng asawa. Napakabuti niya sa dalawang anak nila, pero kay Anya ay pumapalpak siya.

“But I was working because I want to give her a good future. I was a single parent bago ka dumating sa buhay ko, Susana. It wasn’t easy for

me n'ong mawala ang mama niya at ang mga magulang ko. But I love her.”

“I know, siguro hindi mo lang naipakita iyon nang tama sa kanya,” nakakaunawang sabi nito.

“Ayoko lang na magalit siya sa akin. When she left me at mas pinili niyang tumira sa kanyang mama sa Amerika ay nasaktan ako. But I couldn't force her to stay because she was so determined to leave and so I gave her that freedom. Aaminin ko, hindi ko rin alam kung paano siya pakitunguhan noon kasi ang pakiramdam ko ay masyado siyang spoiled sa Mama at Papa.”

“Hush now, it's not yet too late. Hintayin mo na lang kung kailan siya babalik. She seems like a lost soul. She'll get by at kapag bumalik na siya ay saka kayo mag-usap.”

Tumango-tango si Felipe. “Thank you, love.” Mahigpit niya itong niyakap.



Nang magising si Anya kinabukasan, sinilip niya ang oras sa kanyang wristwatch; alas siete ng umaga. Pagbangon niya sa kama ay nanibago pa siya sa paligid, pero nang ma-realize niya kung nasaan siya ay mabilis siyang umalis sa pagkakahiga.

Naalala niya kagabi na inihatid pa siya ng

lalaki roon sa guest room at pinaghanda ng pagkain. Nailang man siya sa mga gestures nito, hindi na siya nagprotesta dahil sa pagod at gutom.

“I’m gonna leave you here. Make yourself comfortable,” nakangiting sabi ng lalaki.

Tumango-tango naman siya at pormal na ngumiti. “Salamat.”

“Anyway, bukas mo na lang ilabas ang pinagkainan mo. You can sleep pagkatapos mong kumain.”

“Yeah, thanks again.” Hindi siya sanay na may nag-aalaga sa kanya nang ganoon.

“By the way, I’m Paolo.”

“Nice to meet you, Paolo,” matipid niyang sabi.

“Okay then, I won’t take too much of your time. Good night.” Tumango ito at pagkatapos ay lumabas na ng guest room.

Pagkaalis ni Paolo ay kinain niya ang inihatid nitong pagkain at pagkatapos ay humiga na sa kama.

Bumalik sa kasalukuyan ang diwa niya nang may marinig siyang kumatok sa pinto. Bumukas iyon at pumasok si Paolo.

“Hi, good morning!” nakangiting bati nito.

Napatitig si Anya rito. He looked so fresh. Mamasa-masa pa ang buhok nito, nakasuot ng

brown polo short at blue jeans na binagayan ng itim na boots. Kulang na lang dito ay sombrero at magiging *Marlboro* man na ito. Napangiti siya sa kanyang naiisip.

“Kamusta ang tulog mo kagabi?”

“Oh! It was great. Salamat nga pala sa pagpapatuloy mo sa akin. P’wede ko na bang puntahan sina Nana Rosita?”

“Of course, nasabihan ko na siya. Nasa living room sila ni Aireen at hinihintay ka.”

“Salamat ulit,” pormal niyang sabi.

Ngumiti si Paolo at tumango saka lumabas ng silid.

Naiwan siyang natitigilan. Marunong din kayang magalit ang isang iyon? He seemed to have a positive disposition. Nagbuntong-hininga si Anya, sabay iling. Ganoon lang ang mga tao sa umpisa, pero pag nagtagal at nagiging close sa isa’t isa ay iiwan ka bigla. Kaya nga ayaw niya sa commitment. Tumayo na siya upang maghanda sa pag-alis doon.



Habang naglalakad si Paolo papunta sa living room ay hindi niya naiwasan na isipin ang kanyang bisita. Malayo ang description ni Aling Rosita rito.

Ang sinabi nito sa kanya kahapon, sweet na bata si Anya, mabait at soft-spoken. Palangiti ito at friendly. Pero ibang-iba ang disposisyon nito sa sinabi ng matanda dahil ang tingin niya sa dalaga ay masyadong pormal, mailap, matapang, at mukhang independent. Ito ang tipo ng babae na hindi nangangailangan ng lalaki para mabuhay.

Pero aaminin ni Paolo, bagay rito ang maiksing buhok dahil maliit ang mukha nito. Napansin din niya ang itim na nail polish nito, nagmukha itong rockstar sa ayos. Wala ang sweet image na sinabi sa kanya ni Aling Rosita.

Oh, well, ano nga ba ang pakialam niya sa bisita ng matanda? Maybe she was beautiful in a disturbed and rugged way, at hindi niya type ang mga ganoong klase ng babae. Pero iba si Anya; there was something about her that he could not explain, na sa wari niya ay may gusto pa siyang malaman tungkol dito.

He must be out of his mind dahil kung ano-ano na ang mga iniisip niya. Napabuntong-hininga na lang siya at saka lumabas ng bahay papunta sa kanyang jeep dahil mag-iikot-ikot pa siya sa niyugan.



Excited na pinuntahan ni Anya sina Aling

Rosita at Aireen sa living room. Nakaupo sa sofa ang mag-ina at napatayo ang mga ito nang makita siya. Nakangiting niyakap niya ang dalawa.

“Nana, kamusta na po kayo?” excited na tanong niya sa matanda matapos itong yakapin.

“Naku! Mabuti naman, hija,” sagot nito na pasimpleng tinitigan siya mula ulo hanggang paa.

Binalingan niya ang kababata. “Ikaw naman, Aireen... wow, ha! Dalaga ka na talaga. Nasaan pala ang fiancé mo? Kailangan ko siyang makilala para makilatis ko naman,” biro niya rito.

Tumango-tango si Aireen, sabay pilit na ngumiti. “Ate Anya, ikaw ba talaga iyan? Hindi kaagad kita nakilala, ang iksi na kasi ng buhok mo,” kunot-noong sabi nito.

“Oo naman, ako ito. Mas gusto ko kasi ang maiksing buhok, eh.”

“Mahilig ka na rin pala sa itim ngayon, hija,” di-makapaniwalang komento ni Aling Rosita. Nagkibit-balikat lang si Anya bilang sagot. “Ibang-iba ka na talaga mula noong huli kitang makita. Pero nasaan pala ang mga gamit mo? Bakit ‘yan lang ang dala mo?”

“Ganito ho kasi, ’yun Nana Rosita, n’ung tumawag si Aireen sa akin, hindi na kasi ako

nakauwi sa amin para kumuha ng damit. Naging impulsive ho kasi ako sa pagpunta ko rito kaya shoulder bag lang ang dala ko ngayon.”

Napatango ito. “Ganoon ba?”

“Huwag kang mag-alala, Ate, p’wede naman kitang samahan sa bayan kung gusto mong mamili ng mga bagong damit. P’wede kang sumabay sa akin dahil doon na kasi ako nagtuturo ng elementarya. Hindi na rin mahirap sa akin ang sumakay dahil sinusundo naman ako ng nobyo kong si Emil papunta sa trabaho ko,” salaysay ni Aireen.

“Ano ba ang trabaho ng nobyo mo?” kunot-noo niyang tanong.

“Bank accountant siya, Ate. Isang taon pa lang siyang nagtatrabaho doon.”

“I see...” aniya.

“Sabado kasi ngayon, hija, at sa Lunes pa ang luwas nina Aireen at Emil sa bayan. Pagtiyagaan mo muna ang mga bestida ni Aireen, natitiyak kong magkakasya iyon sa iyo dahil magkasing-katawan lang kayo,” sabad ni Aling Rosita.

“Salamat po, walang problema sa akin iyon.”

“O siya, halina kayo sa bahay dahil baka maabutan pa tayo ng mama ni Sir Paolo na si Doña Esperanza dito. Mausisa iyon.”

Sumang-ayon ang dalawang dalaga.
Magkakasabay na silang umalis doon.